

# 1 Reyna Ng Eskinita

“O, Ate Bebeth, kung kulang pa magluto ulit tayo, ha. Meron pa namang natira sa loob na lulutuin.” Si Lorraine, ang binansagang Eskinita Queen sa Barangay Mabini.

“Naku, Lorry, kung inimitahan mo pati ang taga-kabilang eskinita, malamang kukulangin talaga tayo, pero kung puro tagarito lang sa atin, tama na 'to!” Close friend, at palaging tumutulong si Bebeth sa tuwing may ‘feeding project’ si Lorraine.

Simple lang ang buhay ng dalaga. Bata pa siya nang maulila sa mga magulang dahil sa isang bus accident. Pero ang pangungulilang 'yon ay natutugunan ng Tito Manuel niya na tumayong ama at ina niya. Mas kilala ito sa tawag na ‘Manuela’ dahil pagmamay-ari nito ang maliit na parlor sa kanto na iyon ang pangalan.

Likas ang kabaitan at kababaang loob, pinili ni Lorraine na magpa-feeding sa tuwing birthday niya sa halip na maghanda para lamang sa sarili at sa malalapit na kaibigan at kakilala. Tulad ngayon.

“Lorraine, alam mo dapat nag-celebrate ka ng birthday mo ngayong seventeen ka na, ’yung totoong selebrasyon, hindi ganito na taon-taon mo nang ginagawa!” Sinandukan ni Bebeth ng champorado ang mga inihanay na tasa.

“Saka na, Ate Bebeth. Malay mo sa eighteenth birthday ko magkaroon ako ng birthday party, di ba?”

“Naku, harinawang magdilang-anghel ka, baka naman kasi birthday party nga, puro mga chikiting naman ang imbitado with party hat pa!”

Nagkatawanan sila pati ang mga nakarinig sa paligid nila na tumutulong din. Mabait sa mga bata si Lorraine kaya hindi malayong mangyari ang sinabi ni Bebeth.

Mayamaya pa ay isa-isa nang nagdatingan ang mga batang eskinita para pumila sa feeding, gayundin ang ilang matatanda. Sina Bebeth at Aling Gloria ang nag-aabot ng champorado sa mga bata at pansit sa matatanda. Si Lorraine ay abala sa pag-aayos ng mga mesa at bangkong hiniram nila sa barangay.

“O, Manang, dito na ho kayo maupo,” ani Lorraine na inalalayan ang matandang babae.

“Salamat, Ineng!” anang matanda.

Natanaw ni Bebeth ang paparating na si Bambi, ang suki nilang Bumbay. Nagtago ang babae sa likuran ni Lorraine. “Lorry, ’wag mo akong ituro, ha!”

“Ikaw talaga, Ate Bebeth, magbayad kasi nang tama,” bulong ng dalaga.

“Eh, kinapos kasi ang sahod ng Kuya Maning mo.”

“O, sige, pasok ka muna sa loob. Ako na ang bahala.”

Bago pa makalapit si Bambi ay nakapagtago na si Bebeth sa loob ng bahay nina Lorraine.

“Lorry, sabi kapit-bahay dito raw Bebeth?” bungad ng Bumbay.

“Naku, Bambi, pasensya ka na, ha? Kinapos kasi ang sahod ng asawa niya kaya pass muna siya ngayon. Kung gusto mo pakakainin na lang kita ng pansit kasi birthday ko ngayon, eh!”

“Ayoko pansit, ang gusto ko bayad!”

Inakbayan ni Lorraine ang Bumbay. “Ikaw talaga, ano naman ang gagawin mo kung wala talagang ihuhulog ’yung tao? At saka birthday ko ngayon, hindi mo ba ’ko pagbibigyan?”

Napakamot sa ulo ang Bumbay. “O, sige na nga, ikaw bolera talaga. Masarap ba pansit mo?”

“Oo naman, meron ding champorado. Alin ang gusto mo?”

“Pansit na lang.”

“Aling Glo, pansit ho si Bambi!”

“Salamat, Lorry, ako wala regalo, pero happy birthday na

lang!”

“No problem! Thanks!” Inaya na niya si Bambi para maupo sa isang mesa. Isang batang lalaki ang lumapit sa kanya.

“Ate Lorry, may gift ako sa ’yo!”

“Ha? Talaga? Ano naman ’yon?”

Isang maliit na regalo ang iniabot ng bata. Hindi maiwasan ni Lorraine ang ma-touch dahil hindi siya nag-e-expect ng anumang regalo lalo at galing sa isang paslit. Excited niyang binuksan iyon.

“Wow!” Picture iyon ni Lorraine na kinuha mula sa *Facebook* at inilagay sa isang maliit na frame.

“Ipina-print po ’yan ni Nanay, ’tapos binilhan po namin ng frame!” sabi ng batang si Philip.

“Salamat, Philip, idi-display ko ito sa room ko! Pakisabi sa Nanay, salamat!”

Tumango ang batang lalaki na sinundan ng batang babae. Si Aloha. “O, may regalo ka rin sa ’kin?” biro ni Lorraine.

“Meron po, Ate Lorry!”

“O, sige nga ano naman?”

Isang yakap at halik ang iginawad nito. “Happy birthday, Ate Lorry!” sabi ni Aloha pagkatapos.

“Ikaw talaga, Aloha, pinapaiyak mo si Ate!” Pinahid ni Lorraine ang namuong luha sa kanyang mga mata.

Tawa ang isinagot ng bata.

“Thank you sa yakap at kiss mo. Dahil diyan, meron ka pang isang tasa ng champorado!” nakangiting sabi ni Lorraine.

“Tenk yu po!”

---

Matapos ang feeding ay katulong pa rin ni Lorraine sina Bebeth at Aling Gloria sa pagliligpit.

“Lorraine, salamat kanina, ha.”

“Alin, ’yung kay Bambi?”

“Oo.”

“Naku, ano ba naman ’yon sa pagtulong mo sa ’kin dito, Ate Bebeth? Kung wala kayo hindi ko magagawa ito!”

“Kung wala ka, hindi magkakaroon ng feeding dito sa lugar natin.”

“Hindi naman, paminsan-minsan nakakaisip din ang mga pulitiko saka ’yung ibang grupo na pumapasok dito sa eskinita natin.”

“Oo, pero walang pangkaraniwang mamamayan dito sa eskinita natin ang nakakaisip ng ginagawa mo.”

“O, sige na, Ate Bebeth, baka masyado nang tumaba ang puso ko niyan at atakehin na 'ko!” Tumawa siya.

Gabi na nang umuwi sa bahay si Manuel. As usual, tulog na si Lorraine. Tulad ng laging ginagawa, chineka ng tiyuhin ang temperatura ng dalaga at inayos ang kumot nito. Bago lumabas ng kuwarto ni Lorraine ay kinuha ni Manuel mula sa bag ang munting regalo para sa pamangkin at inilapag sa side table katabi ng alarm clock.

“Good night Lorry.” At saka nito ipininid ang pinto ng kuwarto.

---

Kahit nakapikit pa ay kinapa-kapa ni Lorraine ang alarm clock para i-off iyon. Pero ang nakapa niya ay isang... regalo iyon ni Tito Manuel panigurado! Napadilat siya at napabalikwas ng bangon.

“Si Tito talaga, sinurprise na naman ako!”

Nagmamadali ang mga kamay na binuksan ni Lorraine ang regalo. Nakapaloob sa maliit na kahon ang isang necklace na ang chain ay letter L. Napangiti siya.

As usual, paglabas niya ng kuwarto ay nakaalis na rin ang Tito Manuel niya. Maaga itong nagbukas ng parlor. Pagkaalmusal niya ay inisip muna niyang dumaan dito bago pumasok sa eskuwela.

Good vibes siya habang naglalakad.

“Good morning, Mang Tasyo, mukhang hindi ko narinig tumilaok si Kokoy, ah!” bati ni Lorraine sa sabungerong kapitbahay, tinutukoy ang manok nito.

“Tinanghali ng gising. Napuyat, eh!” Tumawa si Mang Tasyo.

Lakad pa.

“Hello, Aling Glo, ang aga n’yong maglaba!”

“Hi, Lorry, para kasi makaabot sa araw!”

Nakasalubong din niya ang magtatahong si Mang Ding.

“Lorry, magtataho ka ba?”

“Hindi po, estudyante po ako!” biro ni Lorraine.

“Ang ibig kong sabihin kung gusto mo ng taho?” natatawang linaw ni Mang Ding.

“Sige na nga po, isang limampiso!” Pagkaabot ni Mang Ding ng taho ay ipinagpatuloy ni Lorraine ang paglalakad.

“Gandang umaga, mga chikiting!” bati niya sa mga naglalarong bata sa daanan.

“Gandang ’maga rin, Ate Lorry!” sabay-sabay na bati ng mga ito.

“Hi, Lorry, mas maganda ka pa sa umaga!” bati ni Max, ang masugid na manliligaw ni Lorraine.

Ayaw niya rito kasi ang hilig ng binata ay tumambay. “Bolero, umuwi ka muna at tumulong sa nanay mo!”

Kakamot-kamot ng ulo si Max nang talikuran niya. Napa-second look si Manuel na may ginugupitang customer nang makita si Lorraine na nakasungaw sa pintuan ng parlor at maluwang ang pagkakangiti.

“Mukhang good mood ka na naman, ah!” bati ni Manuel.

Pumasok ang dalaga sa parlor. “Good mood naman ako always, Tito, eh! Pero especially today kasi I found something special on my table!”

Napangiti si Manuel, alam na ang gift nito ang tinutukoy ni Lorraine. “Talaga, ano ’yon?” pakunwari pa nitong tanong.

Inilabas ni Lorraine ang small box at kinuha ang kuwintas mula sa loob niyon. “Here! Gusto ko ikaw mismo ang magsuot sa ’kin nito!” paglalambing ng dalaga.

“What? Iistorbohin mo pa talaga ako. Magagalit ang customer ko!” pag-iinarte ni Manuel.

“Wala namang one minute ang makokonsumo n’un, eh. Sige na, please?” Bumaling pa ang dalaga sa customer. “Okay lang naman po, di ba?”



“Oo naman!” sagot ng customer na babae.

“Hmp! Ikaw talaga, sige na nga, akin na ’yan.”

Pagkakuha ng kuwintas ay maingat na isinuot iyon ni Manuel sa pamangkin. “O ’yan na, ingatan mo ’yan, ha? Ilang ulo ang minaniobra ko bago ko naipon ang ipinambili ko niyan kaya ingatan mong mabuti! Huwag ipa-snatch!”

“Opo, thank you, Tito Manuel. I love you!” Yumakap pa rito ang dalaga.

“I love you, too. O, sige na, pumasok ka na at super late ka na!”

“Bye Tito, ’bye customers!” Kumaway pa si Lorraine sa mga tao sa loob bago tuluyang lumabas ng parlor.

“Manuela, balita ko nagpa-feeding daw ulit ang pamangkin mo, ah!” anang isang customer.

“Oo, kahapon. Pa-birthday niya sa sarili niya mula sa naipon niya. Kung ako kasi cut nang cut ng mga buhok n’yo, siya naman cut nang cut ng allowance niya.”

“Walang duda, si Lorraine na nga ang reyna ng eskinita!”

“Bruha, matagal na siyang nagrereyna sa eskinita natin, ’noh! Kahapon ka lang ba isinilang?” biro pa ni Manuel sa ka-close na customer.